

MAGPABAKUNA KAYO NGAYON LABAN SA TRANGKASO PARA SA 2023

Ang trangkaso ay mapanganib – protektahan ang iyong sarili at mga mahal sa buhay

Ang panahon ng trangkaso (flu) sa taóng ito ay maaaring humagupit sa ating komunidad sa taglamig na ito.

Huwag maghintay - ang pinakamainam na panahon upang magpabakuna laban sa trangkaso ay ngayon.

Ang bakuna laban sa trangkaso ay LIBRE para sa:

- mga batang may edad na 6 na buwan hanggang wala pang 5 taon
- lahat ng mga taong Aborihinal at Torres Strait Islander na may edad na 6 na buwan+
- sinumang buntis
- mga taong may edad na 65 na taon+
- mga taong may edad na 6 na buwan+ na may mga kondisyong medikal

Kung ikaw ay maglalakbay sa ibang bansa magpabakuna laban sa trangkaso (flu) nang may 2 linggo bago umalis. Ang pagpapabakuna laban sa trangkaso at COVID-19 nang magkasabay ay ligtas.

Magpabakuna laban sa trangkaso sa:

- Sinumang Doktor o General Practitioner
- Mga Klinika ng Pagbabakuna para sa Maliliit na Mga Bata sa Mga Sentro ng Kalusugang Pangkomunidad ng Pamahalaan ng ACT (Early Childhood Immunisation Clinics in ACT Government Community Health Centres) (para sa mga batang may edad na 6 na buwan hanggang 5 taong gulang)
- Sa mga botika na nagbibigay ng bakuna laban sa trangkaso (para sa mga taong may edad na 5 taon+).

Ikaw ay maaaring tumulong sa pagsugpo ng paglaganap ng trangkaso ngayong taglamig.

- Manatili sa bahay kung ikaw ay may sakit at magpasuri sa COVID
- Kahit na ang resulta ay negative manatili sa bahay hangga't mabuti na ang iyong pakiramdam
- Laging maghugas ng mga kamay
- Magsuot ng pantakip sa ilong at bibig (face mask)

ACT Government | ACT Health

health.act.gov.au/flu

FLU vaccine